



**Patakarang sa Pagputol sa
Serbisyo ng Tubig sa mga
Residensiyal**

Seksyon: **Pananalapi**

Pinagtibay: **Nobyembre 25, 2024**

Huling Binago: **Hulyo 22, 2024**

Sinuri ng CA

Alinsunod sa Seksyon 9-3C-5 ng Kodigo ng Munisipyo ng Solvang, ito ang patakarang ng Lungsod sa pagputol sa serbisyo ng tubig sa mga residensiyal na sumusunod at nagpapatupad ng Batas sa Pagprotekta ng Pagpapahinto sa Serbisyo ng Tubig (Water Shutoff Protection Act) (Seksyon 116902 et seq ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan) at mga Seksyon 10010 at 10010.1 sa Kodigo sa Pampublikong Utilidad

Bago putulin ang serbisyo ng tubig ng sinumang residenteng kostumer dahil sa hindi pagbabayad sa mga rate ng tubig na dapat bayaran, mga singil, multa, o mga parusa, susunod ang Lungsod ng Solvang ("Lungsod") sa mga pamamaraan at kinakailangan ng Patakarang ito. Naaangkop lamang ang Patakarang ito sa paghinto ng mga account ng residenteng kostumer batay sa hindi pagbabayad at hindi humahadlang sa Lungsod na ihinto ang serbisyo para sa iba pang hindi awtorisadong pagkilos ng kostumer.

1. Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan. Maaaring tawagan ng isang residenteng kostumer ang sumusunod na numero ng telepono sa mga normal na oras ng negosyo para talakayin ang mga available na opsyon para maiwasan ang paghinto ng serbisyo: 805-688-5575, x202.
2. Account na may Napabayaang Bayarin. Gaya ng nakasaad sa Kodigo ng Lungsod, ang bayarin sa tubig/sewer ay dapat bayaran at babayaran kapag naipakita na sa kostumer. Ang mga balanse sa account na hindi kinokolekta nang buo sa ika-25 araw ng buwan kasunod ng buwan na ibinigay ang serbisyo ay maaaring magresulta sa pagputol ng serbisyo alinsunod sa patakarang na ito at sa Seksyon ng Kodigo ng Munisipyo ng Solvang 9-3C-4.
3. Panahon ng Hindi Pagbabayad na Nagdudulot ng Pagputol sa Serbisyo. Sa ilalim ng iba pang probisyon ng patakarang ito, ang serbisyo ng tubig sa mga residensiyal ay maaaring putulin sa dahilan na hindi pagbabayad kung ang kinakailangang pagbabayad ng kostumer ay hindi nabayaran ng hindi bababa sa animnapung (60) araw. Hindi puputulin ang serbisyo ng tubig sa anumang Sabado, Linggo, legal na holiday, o anumang oras kung saan hindi bukas sa publiko ang mga tanggapan ng negosyo ng Lungsod.
4. Pamamaraan para sa Pagputol ng Serbisyo para sa Hindi Pagbabayad.
 - a. Hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo bago putulin ang serbisyo ng kostumer para sa hindi pagbabayad, at hindi hihigit sa labinsiyam (19) na araw mula sa petsa na ipinadala ang bayarin sa utilidad, makikipag-ugnayan ang Lungsod sa kostumer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso para bigyan ng babala ang napipintong pagputol ng serbisyo, gawing available at ipaliwanag ang mga tuntunin ng Patakarang na ito, talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo, at magbigay ng iba pang impormasyong kinakailangan ng batas. Ang sampung (10) araw na yugto ay hindi dapat magsimula hanggang limang (5) araw pagkatapos ng pagpapadala ng nakasulat na abiso.
 - i. Ang Lungsod ay maglalaan ng serbisyong pagbibigay-abiso mula sa ikatlong partido para sa mga residenteng kostumer na 65 taong gulang o higit pa, o mga dependent na nasa hustong gulang tulad ng tinukoy sa Seksyon 15610.23 ng Kodigo sa Kapakanan at Institusyon (Welfare & Institutions Code), kung saan susubukan ng Lungsod na ipaalam sa isang taong itinalaga ng kostumer na tumanggap ng paunawa kapag ang account ng kostumer ay lampas na sa takdang panahon at napapailalim sa pagwawakas. Ang abiso ay dapat magsama ng impormasyon sa kung ano ang kinakailangan para maiwasan ang pagwawakas ng serbisyo. Ang residenteng kostumer ay dapat humiling para sa abiso ng ikatlong partido sa isang form na ibinigay ng Lungsod at dapat isama ang nakasulat na pahintulot ng itinalagang ikatlong partido. Ang paunawa ng ikatlong partido ay hindi nag-oobliga sa ikatlong partido na bayaran ang mga overdue na singil, at hindi rin nito mapipigilan o maantala ang pagwawakas ng serbisyo.
 - b. Kapag nakipag-ugnayan ang Lungsod sa kostumer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso, ang nakasulat na abiso ay ipapadala sa kostumer sa pamamagitan ng mail sa tirahan kung saan

ibinigay ang serbisyo sa residensiyal. Kung ang address ng kostumer ay hindi ang address ng ari-arian kung saan ibinigay ang serbisyo sa residensiyal, ipapadala rin ang abiso sa address ng ari-arian kung saan ibinigay ang serbisyo sa residensiyal, na naka-address sa "Nakatira." Ang nakasulat na abiso ay naglalaman ng sumusunod na impormasyon:

- i. Pangalan at address ng kostumer;
 - ii. Ang halaga ng hindi nabayaranang bayarin;
 - iii. Ang petsa kung kailan kinakailangan ang pagbabayad o pagsasaayos para sa pagbabayad para maiwasan ang paghinto ng serbisyo;
 - iv. Ang proseso ng pag-aplay para sa pagpapalawig ng oras para bayaran ang mga hindi nabayaranang rate, singil, o bayarin;
 - v. Ang pamamaraan sa petisyon para sa pagrepaso ng panukalang batas at apela; at
 - vi. Ang pamamaraan kung saan maaaring humiling ang kostumer ng isang ipinagpaliban, binawasan, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kabilang ang isang amortisasyon ng mga hindi nabayaranang singil sa serbisyo sa residensiyal na naaayon sa Patakarang ito.
 - c. Dapat ding gumawa ng makatuwirang pagtatangka ang Lungsod na makipag-ugnayan sa kostumer sa pamamagitan ng telepono nang hindi bababa sa dalawampu't apat (24) na oras bago ang anumang pagwawakas ng serbisyo. Kapag nakipag-ugnayan ang Lungsod sa kostumer sa pamamagitan ng telepono, mag-aalok ito na ibigay ang Patakarang ito nang nakasulat. Mag-aalok ang Lungsod para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol sa serbisyo sa residensiyal para sa hindi pagbabayad, kabilang ang mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ipinagpaliban na mga pagbabayad, mga minimum na pagbabayad, mga pamamaraan para sa paghiling ng amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse, at petisyon para sa pagrepaso ng panukalang batas at apela.
 - d. Kapag hindi nakipag-ugnayan ang Lungsod sa kostumer o isang nasa hustong gulang na nakatira sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ang nakasulat na abiso ay ibinalik bilang hindi maihahatid, ilalagay ng Lungsod ang paunawa ng pagputol sa serbisyo at ang Patakarang ito sa isang kapansin-pansing lugar nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagputol.
5. Pagrepaso ng Panukalang Batas at Apela. Sinumang kostumer na nakatanggap ng abiso ng napipintong pagputol sa serbisyo ay maaaring mag-apela sa mga hindi nabayaranang rate, singil, bayad, o mga parusa na nagdulot ng abiso sa pagputol, maliban kung ang apela ng parehong mga rate, singilin, o mga bayarin ay dati nang natanggap at nalutas. Ang form ng apela ay makukuha sa website ng Lungsod <https://www.cityofsolvang.com/DocumentCenter/View/5391/Appeal-of-Disputed-Utility-Bill-Form> o kapag hiniling sa Departamento ng Pangangasiwa at Pananalapi (Administration & Finance Department). Dapat ihain ng kostumer ang apela sa loob ng limang (5) araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang abiso na hindi pa nakakapagbayad sa pamamagitan ng paghahatid ng nakasulat na abiso ng apela na nagpapaliwanag ng batayan para sa apela, kabilang ang paliwanag ng anumang pinaghihinalaang mga pagkakamali sa mga kasanayan sa pagsingil ng Lungsod, ang petsa ng inapelang bayarin, at ang halaga ng singil na inaapela. Susuriin ng apela, diringgin, at lulutasin alinsunod sa sumusunod na pamamaraan:
- a. Susuriin ng Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, ang form ng apela, lahat ng materyales na isinumite bilang suporta sa apela, at anumang iba pang nauugnay na impormasyon at maglalabas ng desisyon tungkol sa apela sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa petsa na natanggap ang apela.
 - b. Maaaring aprubahan ng Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, ang apela at ayusin o bawiin ang hindi nabayaranang rate, singil, o bayad kapag nagpasya ang Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, batay sa available na impormasyon at materyales na isinumite bilang suporta sa apela, na naganap ang isa o higit pa sa mga sumusunod na pangyayari:
 - i. Ang rate, singil, bayad, o parusa ay maling nakalkula at samakatuwid hindi tama ang ipinataw.

- ii. Ang isang pagtagas na nangyari sa panig ng kostumer ng koneksyon sa serbisyo ng tubig ay nagdulot ng malaking pagtaas sa pagkonsumo ng tubig sa "regular na paggamit" ng kostumer at naayos na ang pagtagas.
 1. Ang "regular na paggamit" ng kostumer, habang ginagamit ang terminong iyon dito, ay matutukoy sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga singil sa tubig ng kostumer para sa parehong yugto ng panahon gaya ng inapela na bayarin para sa nakaraang limang taon, o, kung ang kostumer ay walang limang taong kasaysayan, sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga singil sa tubig para sa parehong yugto ng panahon ng isang account na may katumbas na serbisyo ng tubig at mga katulad na pagsingil na may limang taong kasaysayan.
 2. Ang bayarin para sa panahon ng pagsingil kung saan ang Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, ay nagpasiya na mayroong pagtagas ay dapat isaayos para ipakita ang pinakamababang naaangkop na singil sa pagkonsumo gaya ng tinutukoy ng Tagapamahala ng Lungsod o ng itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod.
 3. Sa loob ng labinlimang (15) araw ng pag-apruba ng pagsasaayos sa pagtagas, dapat lumagda ang kostumer sa isang pagkilala sa pagsasaayos ng pagtagas, magbigay ng invoice at patunay ng pagbabayad na nagpapakitang natapos ang pagkukumpuni sa pagtagas, at bayaran ang inayos na bayarin. Kung hindi gagawin ng kostumer ito, tatanggihan ang pagsasaayos ng pagtagas at responsibilidad ng kostumer ang pagbabayad nang buo sa orihinal na singil sa tubig kasama ang anumang karagdagang mga bayarin at singil na tinasa hanggang sa petsa ng pagbabayad.
 - iii. Napag-alaman ng Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, na ang metrong nagsisilbi sa lugar ay hindi gumagana at labis na nagrerehistro ng higit sa limang porsyento. Ang bayarin para sa panahon ng pagsingil kung saan ang Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, ay nagpasiya na may hindi gumaganang metro ay dapat isaayos para ipakita ang average na normal na paggamit para sa panahong iyon at para alisin ang anumang mga singil na nauugnay sa pagkakaiba sa pagitan ng normal na paggamit at ang maling pagbabasa .
 - c. Ipapadala ng Tagapamahala ng Lungsod, o ang itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, ang desisyon sa nag-apela.
 - d. Maaaring mag-apela ang kostumer sa isang negatibong pagtukoy ng Tagapamahala ng Lungsod, o ng itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod, sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng paghahain ng apela sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa petsa ng desisyon ng Tagapamahala ng Lungsod, o ng itinalaga ng Tagapamahala ng Lungsod. Dapat suriin ng Konseho ng Lungsod ang apela sa ilalim ng pamantayan sa itaas o maaaring magbigay ng kaluwagan alinsunod sa Seksyon 9-3A-5.C ng Kodigo ng Munisipyo ng Solvang batay sa mga espesyal na pangyayari.
6. Ipinagpaliban o Binawasang mga Pagbabayad at Mga Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad.
Pinahihintulutan ng Lungsod ang mga kostumer na ipagpaliban, bawasan, o pumasok sa isang amortisasyon o alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa mga hindi nabayarang rate, singil, bayad, o mga parusa, alinsunod sa mga tuntunin ng Seksyon na ito.
- a. Ang mga pagbabawas sa mga hindi nabayarang rate, singil, bayarin, o parusa ay maaari lamang ibigay para sa mga dahilan na nakalista sa Seksyon 5(b) ng Patakarang ito.
 - b. Ang mga nahuling bayarin at multa ay maaaring iwaksi nang isang beses bawat taon ng kalendaryo.
 - c. Maaaring ipagpaliban o i-amortize ang mga hindi nabayarang rate, singil, o bayarin gamit ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na uma-ayon sa mga sumusunod:
 - i. Ang mga kahilingan para sa pagpapaliban, amortisasyon, o mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay dapat gawin nang nakasulat at matanggap ng Lungsod nang hindi

bababa sa dalawang (2) araw ng negosyo bago ang petsa ng pagputol na nakasaad sa abisong iniaatas ng Seksyon 4 ng Patakarang ito.

- ii. Ang anumang plano sa pagbabayad ay magreresulta sa pagbabayad ng halaga ng mga hindi nabayaran sa loob ng labindalawang (12) buwan. Ang anumang panahon ng pagpapaliban ng pagbabayad ay hindi dapat lumampas sa dalawang (2) buwan at anumang panahon ng amortisasyon ay hindi dapat lumampas sa labindalawang (12) buwan, kabilang ang anumang panahon ng pagpapaliban.
- iii. Kung nilabag ng kostumer ang napagkasunduang plano o hindi binayaran ang kanyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa tirahan, maaaring ihinto ng Lungsod ang serbisyo nang hindi mas maaga sa pitong (7) araw ng negosyo pagkatapos ipaskil ng Lungsod ang panghuling abiso ng layunin na putulin ang serbisyo sa isang kilala at kapansin-pansing lokasyon sa ari-arian ng kostumer. Ang serbisyo ng tubig para sa mga kostumer na may Pagbubukod na Nakabatay sa Pangangailangan na hindi sumunod sa isang plano sa pagbabayad ay dapat ihinto alinsunod sa Seksyon 8.c.
- iv. Hindi hihigit sa isang amortisasyon, pagpapaliban, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad ang pinapayagan bawat labindalawang (12) buwan, maliban kung natutugunan ng kostumer ang mga kinakailangan ng Seksyon 7(e) ng Patakarang ito.

7. Mga Ipinagbabawal sa Pagpuputol. Ang serbisyo ng tubig ay hindi putulin para sa hindi pagbabayad sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na sitwasyon:

- a. Sa panahon ng anumang apela ng desisyon ng Lungsod na putulinang serbisyo.
- b. Sa panahon ng paghihintay ng pagsisiyasat ng Lungsod ng isang hindi pagkakaunawaan o reklamo ng kostumer.
- c. Sa anumang panahon kung saan ang kostumer ay sumusunod sa isang nararapat na awtorisadong alternatibong iskedyul ng pagbabayad o isang plano para sa ipinagpaliban o pinababang pagbabayad alinsunod sa Seksyon 6 ng Patakarang ito.
- d. Sa mga sitwasyon kung saan pinatutunayan ng isang opisyal ng pampublikong kalusugan o gusali na ang pagputol ng serbisyo ng tubig para sa maramihang yunit ng residensiyal na istraktura, parke ng mga mobile home, o permanenteng residensiyal na istraktura sa isang kampo ng puwersahang pagtatrabaho, gaya ng tinukoy sa Seksyon 170009 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ay magreresulta sa isang malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga residenteng nakatira o ng publiko.
- e. Sa mga sitwasyon kung saan natutugunan ng kostumer ang lahat ng sumusunod na tatlong kondisyon, tulad ng idineklara sa isang form na ibinigay ng Lungsod (ang "Pagbubukod na Nakabatay sa Pangangailangan"):
 - i. Ang kostumer, o ang nangungupahan sa kostumer, ay nagsusumite ng sertipikasyon ng isang pangunahing provider ng pangangalaga na ang pagputol sa serbisyo ng tubig ay magiging banta sa buhay, o magdulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar na sineserbisyuhan ng hindi nakapagbayad na account;
 - ii. Ipinakikita ng kostumer na hindi niya kayang magbayad para sa serbisyo ng tubig sa residensiyal sa loob ng normal na siklo ng pagsingil sa pamamagitan ng pagsasabi nang nakasulat na ang isa sa mga sumusunod na pangyayari ay naaangkop: ang isang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay isang kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Pandagdag na Kita sa Seguridad/Programa ng Karagdagang Pagbabayad ng Estado, o Espesyal na Programa ng Pandagdag na Nutrisyon para sa mga Babae, Sanggol, at Bata ng California, o ipinahayag ng kostumer na ang taunang kita ng kanyang sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan. Kung ipinakita ang isa o higit pa sa mga pangyayaring ito, kung gayon itinuturing ang kostumer na isang "Kostumer na Mababa ang Kita"; at

- iii. Ang kostumer ay handang pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o isang plano para sa ipinagpaliban o pinababang pagbabayad para sa lahat ng mga hindi nabayarang singil alinsunod sa Seksyon 6 ng Patakarang ito.

8. Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang para sa Mga Pagbubukod na Nakabatay sa Pangangailangan.

- a. Para sa isang kostumer na kwalipikado para sa Mga Pagbubukod na Nakabatay sa Pangangailangan, maaaring magbigay ang Lungsod ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon para sa pagbabayad ng hindi nabayarang rate, singil, o bayad: (i) amortisasyon ng hindi nabayarang balanse; (ii) pakikilahok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad; o (iii) pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad nang hindi hihigit sa dalawang (2) buwan. Maaaring isaalang-alang ng Lungsod ang ginusto ng kostumer na opsyon sa pagbabayad, pero ang pagpapasiya ng opsyon sa pagbabayad ay nasa sariling pagpapasya ng Lungsod.
- b. Ang mga tuntunin ng opsyon sa pagbabayad ay alinsunod sa Seksyon 6 ng Patakarang ito at inaasahang magresulta sa pagbabayad sa loob ng labindalawang (12) buwan, (kabilang ang anumang panahon ng pagpapaliban) maliban kung kailangan ng karagdagang oras at inaprubahan ng Tagapamahala ng lungsod para maiwasan ang labis na paghihirap.
- c. Kung ang kostumer na may Pagbubukod na Nakabatay sa Pangangailangan ay nabigong sumunod sa mga tuntunin ng opsyon sa pagbabayad sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa o hindi nagbabayad ng kanyang kasalukuyang mga singil sa serbisyo sa residensiyal sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa habang nasa ilalim ng isa sa mga opsyon sa pagbabayad sa itaas, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo nang hindi lalampas sa pitong (7) araw ng negosyo pagkatapos ipaskil ng Lungsod ang panghuling abiso ng layunin na putulin ang serbisyo sa isang kapansin-pansing lugar sa ari-arian ng kostumer.

9. Ugnayan ng Nagpapaupa at Nangungupahan. Nalalapat ang mga probisyon ng Seksyon na ito kung saan nagbibigay ang Lungsod ng serbisyo sa pamamagitan ng master meter, o nagbibigay ng indibidwal na de-metrong serbisyo sa residensiyal sa mga residenteng nakatira sa isang hiwalay na tirahan ng isang pamilya, pangmaramihang yunit ng residensiyal na istraktura, parke ng mga mobile home, o permanenteng residensiyal na istraktura sa isang kampo ng paggawa gaya ng tinukoy sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California Seksyon 17008, at ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, istraktura, o parke ay ang kostumer na may rekord. Bilang karagdagan sa pagbibigay ng abiso sa may-ari ng ari-arian na naaayon sa Seksyon 4 ng Patakarang ito, ipapatupad ng Lungsod ang mga sumusunod na hakbang:

- a. Hindi bababa sa sampung (10) araw bago putulin ang serbisyo para sa indibidwal na de-metrong serbisyo sa residensiyal at hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago ihinto ang master na de-metrong serbisyo sa residensiyal, gagawa ang Lungsod ng pagsisikap na may magandang loob na ipaalam sa mga residenteng nakatira sa pamamagitan ng sulat na ang account ng tirahan ay hindi nabayaran at wawakasan ang serbisyong iyon.
- b. Para sa maramihang yunit ng residensiyal na istraktura, parke ng mga mobile home, o permanenteng residensiyal na istraktura sa isang kampo ng paggawa, gaya ng tinukoy sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ng California Seksyon 17008 na sineserbisyuhan sa pamamagitan ng master meter, kung hindi makatuwiran o praktikal na ipaskil ang abiso sa pintuan ng bawat yunit ng tirahan, ang Lungsod ay maglalagay ng dalawang kopya ng abiso sa bawat mapupuntahan na karaniwang lugar at sa bawat punto ng pag-access sa istraktura o mga istraktura.
- c. Ipapaalam ng nakasulat na abiso sa mga nakatira na maaari silang maging isang kostumer na may rekoord at tumanggap ng mga bayarin para sa serbisyo ng tubig ng yunit at ang mga nakatira ay hindi mananagot para sa mga hindi nabayarang halaga na dapat bayaran ng kasalukuyang kostumer na may rekord. Tutukuyin din ng abiso kung ano ang dapat gawin ng mga residenteng nakatira para maiwasan ang pagwawakas ng serbisyo o pagpapanumbalik ng serbisyo; ang tinantyang buwanang halaga ng serbisyo; ang titulo, address, at numero ng telepono ng isang kinatawan ng Lungsod na maaaring tumulong sa mga residenteng nakatira sa patuloy na serbisyo; at ang address at numero ng telepono ng isang kwalipikadong proyekto ng mga serbisyong legal, gaya ng tinukoy sa Seksyon 6213 ng Kodigo sa Negosyo at Propesyon, na inirerekomenda ng lokal na asosasyon ng bar ng county.

- d. Hindi kinakailangan ng Lungsod na gawing available ang serbisyo sa mga residenteng nakatira maliban kung sumasang-ayon ang bawat naninirahan sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at nakakatugon sa mga kinakailangan ng naaangkop na batas at mga tuntunin ng Lungsod. Gayunpaman, kung ang isa o higit pa sa mga residenteng nakatira ay handa at kayang tanggapin ang responsibilidad para sa mga kasunod na singilin sa account sa kasiyahan ng Lungsod, o kung mayroong pisikal na paraan na legal na available sa Lungsod ng piling pagwawakas ng serbisyo sa mga tirahan na iyon ng mga naninirahan na hindi nakakatugon sa mga iniaatas ng mga patakaran ng Lungsod, dapat gawin ng Lungsod na available ang serbisyo sa mga residenteng nakatira na nakatugon sa mga kinakailangang iyon.
 - e. Sa kabila ng nabanggit, kung ang tirahan ay isang hiwalay na yunit ng tirahan ng isang pamilya, kung gayon ang Lungsod ay: (i) magbigay ng abiso sa naninirahan sa paghinto ng serbisyo nang hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang iminungkahing paghinto; at (ii) hilingin sa naninirahan na patunayan na ang hindi nakapagbayad na account ng kostumer ay sa landlord, tagapamahala, o ahente ng unit na tirahan. Maaaring kasama sa pagpapatunay ang isang kasunduan sa pag-upa o pagrenta, mga resibo sa renta, o iba pang dokumento ng pamahalaan.
10. Pagpapanumbalik ng Serbisyo. Sa paputol, ang Lungsod ay magbibigay ng impormasyon sa mga kostumer tungkol sa mga pamamaraan para sa pagpapanumbalik ng serbisyo sa mga kostumer kapag ang kanilang serbisyo ay itinigil, kabilang ang pagbabayad ng mga naaangkop na bayarin alinsunod sa Seksyon 9-3C-5 ng SMC. Para sa mga Kostumer na Mababa ang Kita, magpapataw ang Lungsod ng mga bayarin sa muling pagkonekta para sa muling pagkonekta sa mga normal na oras ng pagpapatakbo at mga oras na hindi gumagana tulad ng itinakda sa Iskedyul ng Mga Bayarin ng Lungsod, ngunit hindi lalampas sa aktwal na halaga ng muling pagkonekta, at tatalikuran ang mga singil sa interes sa mga hindi nabayarang bayarin isang beses bawat labindalawang (12) buwan.
11. Pag-uulat. Iniuulat ng lungsod ang bilang ng taunang pagputol ng serbisyo sa residensiyal para sa hindi pagbabayad sa website ng Lungsod at sa Lupon ng Pagkontrol sa Mapagkukunan ng Tubig ng Estado (State Water Resources Control Board).
12. Wika. Alinsunod sa Seksyon 116922 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ang patakarang ito at lahat ng nakasulat na mga abiso na kinakailangan sa ilalim ng patakarang ito ay ibibigay sa Ingles, Espanyol, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean.

Ang Patakaran sa Pagputol sa Serbisyo ng Tubig sa mga Residensiyal sa Lungsod ng Solvang ay maaaring makuha sa tanggapan ng lungsod na matatagpuan sa 1644 Oak Street, Solvang, CA 93463, sa normal na oras ng negosyo; o tingnan sa website ng lungsod:
<https://www.cityofsolvang.com/DocumentCenter/View/5393/Solvang-Discontinuation-of-Residential-Water-Service->